


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 13: Bahagi ng Pangungusap



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 13: Bahagi ng Pangungusap
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Analiza R. Quicho

Editor: Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

Tagasuri: Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

Tagaguhit: Mary Grace Del Mundo

Tagalapat: Cristina T. Fangon

Tagapamahala: Nicolas T. Capulong
Librada M. Rubio
Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca
Merlinda T. Tablan
Ellen C. Macaraeg
Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagarawan ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 13:
Bahagi ng Pangungusap

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makakakilala ng bahagi ng pangungusap.

MT2GA-Ie-f- 2.5



Subukin

Panuto: Kopyahin ang bawat pangungusap at salungguhitan ng dalawang beses ang simuno at isang beses ang panag-uri.

1. Si Jovilyn ay panganay na anak ni Aling Ana.
2. Masunurin ang bata.
3. Sumama si Fina sa palengke.
4. Sina Aling Beth at Janeth ay sumakay sa isang traysikel.
5. Ang tsuper ay nagpasakay pa ng dalawang pasahero.

Bahagi ng Pangungusap



Balikan

Panuto: Pantigin ang sumusunod na mga salita.

1. mapagmahal - _____
2. gumamela - _____
3. alitaptap - _____
4. paliparan - _____
5. gripo - _____



Tuklasin

Basahin ang mga sumusunod na mga pangungusap.

- A. Ang nanay ni Lisa ay labandera.
- B. Ang tatay ni Juan ay karpintero.
- C. Mahalimuyak ang mga bulaklak.
- D. Tumutulong si Clarence sa mga gawaing-bahay.
- E. Si Mang Pepe ay nagsaka sa bukid.



Suriin

Talakayin:

1. Sino o ano ang pinag-uusapan o paksa sa pangungusap A? B? C? D? E?
2. Ano naman ang nagsasabi o tumutukoy sa pinag-uusapan sa pangungusap A? B? C? D? E?
3. Saan nakapaloob ang pinag-uusapan o paksa sa bawat pangungusap?
4. Saan naman nakapaloob ang tumutukoy o nagsasabi tungko sa paksa o pinag-uusapan?

Ang pangungusap ay may dalawang bahagi, ang simuno at panag-uri.

Simuno ang tawag sa pinag-uusapan o paksa ng pangungusap. Ito ay maaaring matagpuan sa unahan, gitna o hulihang bahagi ng pangungusap.

Panag-uri naman ang tawag sa tumutukoy o nagsasabi tungkol sa pinag-uusapan o paksa. Ito rin ay maaaring nasa unahan o hulihan ng pangungusap.

Halimbawa:

Ang nanay ni Lisa ay labandera.

↑
simuno

↑
panag-uri

Tumutulong si Clarence sa mga gawaing-bahay.


↑
panag-uri

↑
simuno

Mahalimuyak ang mga bulaklak.

↑
panag-uri

↑
simuno



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Tukuyin kung **simuno** o **panag-uri** ang mga salitang may salungguhit. Isulat sa sagutang papel.

- _____ 1. Si Ginoong Santos ay nahalal bilang pangulo ng samahan.
- _____ 2. Masayang nakilahok sa paligsahan sina Evelyn at Aiza.
- _____ 3. Uminom ng gamot si Elma.
- _____ 4. Sila ay tumulong sa paglikas ng mga residente mula sa mapanganib na lugar.
- _____ 5. Ang mga turista ay hinikayat na sumayaw sa araw ng kapistahan.

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang **simuno** sa bawat pangungusap.

1. Ang paninigarilyo ay nakapagdudulot ng sakit sa puso at baga.
2. Mas makaiiwas sa mga nakakahawang sakit ang mga sanggol na binakunahan.
3. Pumupunta sa dentista dalawang beses sa isang taon ang buong Pamilya Mercado.
4. Nag-eehersisyo araw-araw sa parke sina Ronald at Marco.
5. Si Joseph ay kumakain ng sariwang gulay at prutas.

Pinatnubayang Pagsasanay 2


Panuto: Pillin at isulat sa sagutang papel ang **panag-uri** na matatagpuan sa pangungusap.


1. Ako at si Ryan ay magpapalista sa Paaralang Elementarya ng Bo. Central.
2. Magsisimula sa unang Lunes ng Setyembre ang pasukan sa aming paaralan.
3. Inaayos at inihahanda ng mga guro ang mga silid-aralan para sa pagbabalik eskuwela ng mga mag-aaral.


4. Napansin ng mga guro ang mabubuting asal na ipinamalas ng mga mag-aaral.
5. Sina Acky, Yasmin, at Erol ay naghanda ng masarap na meryenda.


Pinatnubayang Pagtatasa 2


Panuto: Bumuo ng isang simpleng pangungusap mula sa mga larawan. Salungguhitan ang simuno ng isang beses at ang panag-uri ay dalawang beses. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1.  _____

2.  _____

3.  _____

4.  _____

5.  _____

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Piliin sa Hanay B ang tamang panag-uri upang mabuo ang pangungusap sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot.

Hanay A

1. Ang nanay ay
2. Ang bata ay
3. Ang paligid ay
4. Ang COVID-19
5. Ako ay

Hanay B

- a. Pilipino
- b. malinis
- c. naglalakad
- d. nagluluto
- e. mapanganib

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Piliin ang simuno at panag-uri sa pangungusap. Isulat ito sa iyong sagutang papel ayon sa pagkakahayanay sa ibaba.

1. Maganda ang paligid ng aming bahay.
2. Ang aking tatay ay nagpunta ng bukid.
3. Ang mga tao ay hindi basta makalabas dahil sa Virus.
4. Ang bukid ay masarap pasyalan.
5. Nagpamigay ng ayuda si Kapitan.

Simuno	Panaguri

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin ang simuno sa bawat pangungusap.

- _____ 1. Maraming bunga ang mangga ngayon.
- _____ 2. Mag-ingat ka sa paglabas.
- _____ 3. Sila ay masaya sa pagbibigay ng pagkain sa mga **Front liner.**
- _____ 4. Ang mga guro ay bayani ng bayan.
- _____ 5. Madilim ang langit.

Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin ang panag-uri sa bawat pangungusap.

- 1. Kami ay nagsisimba tuwing araw ng Linggo
- 2. Ang pamilya ay masayang namasyal.
- 3. Ang bagyo ay nagdulot ng baha.
- 4. Mabilis tumakbo sa silid-aralan si Nicole.
- 5. Kumain ng sopas ang mga bisita.



Isaisip

Ang pangungusap ay may dalawang bahagi. Ang simuno at panag-uri.



Isagawa

Panuto: Basahin ang talata. Piliin ang simuno at ang panag-uri sa bawat pangungusap.

(1) Si Cassandra ay mahilig kumanta. (2) Nagmana siya sa kanyang Lola. (3) Sinasabayan ni Cassandra ang mga palabas sa telebisyon. (4) Tuwang-tuwa ang kaniyang mga magulang. (5) Pagsayaw naman ang hilig ng kapatid niya.



Tayahin

Panuto: Basahin at kopyahin ang mga pangungusap. Ikahon ang **simuno** at bilugan ang **panag-uri** ng bawat pangungusap.

1. Ang mga mata ng aking lola ay malabo.
2. Ang mga mag-aaral ay gumagalang at nagpapahalaga sa watawat.
3. Ang aklat ay isang puno ng karunungan.
4. Ang bawat bata ay dapat na makahiligan ang pagbabasa.
5. Ang buwan ng Hulyo ay pambansang buwan sa pagbasa.



Karagdagang Gawain

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang simuno sa pangungusap at ekis (X) ang panaguri.

1. Si Pres. Rodrigo R. Duterte
 ay pangulo ng Pilipinas
2. Bumisita sa kanyang lolo
 si John
3. Nagbibigay ng pagsusulit
 ang aming guro
4. Ang mga mag-aaral
 ay nasa silid-aklatan
5. Si Manny Pacquiao
 ay manlalarong boksingero



Susi sa Pawawasto

Pagyamanin		Pagtutugon		Pagtatasa																
Subukin Simuno (2 salungguni) 1. Jovilyn 2. bata 3. Fino 4. Sina Aling Beth at Janeth 5. tsuper Pang-uri (1 salungguni) 1. pangangay na anak 2. masunatin 3. sumama sa palengke 4. sumakay sa trasyel 5. nagpaskayn g pasahero 1.	Balikan 1. ma-pag-ma-hal 2. gu-ma-me-la 3. a-ll-tap-tap 4. pa-ll-pa-ran 5. gri-po	Suriin 1. nanay, tatay, bulaklak, Clarence, Mang Pepe 2. labandera, karpintero, mahallimuyak, tumutulong, nagsaka 3. bilog kahon	Pinatnubayang Pagtatasa 1 1. ang paninigarilyo 2. ang mga sanggol 3. ang buong pamilya 4. sina Ronald at Marco si Joseph	Pinatnubayang Pagtatasa 2 1. Nagpalista sa paaralan 2. magsisimula sa Lunes ng Setyembre 3. inayos at inihanda 4. napansin ng guro 5. naghanda ng masarap na meryenda	Malayang Pagtatasa 1 <table border="1"> <tr> <td>paligid</td> <td>maganda</td> </tr> <tr> <td>(ang aking)tatay</td> <td>bukid</td> </tr> <tr> <td>(Ang mga) tao</td> <td>hindi makalabas</td> </tr> <tr> <td>(Ang) bukid</td> <td>masarap</td> </tr> <tr> <td>(Si) kapitán</td> <td>nagbigay ng tulong</td> </tr> </table>	paligid	maganda	(ang aking)tatay	bukid	(Ang mga) tao	hindi makalabas	(Ang) bukid	masarap	(Si) kapitán	nagbigay ng tulong	Malayang Pagtatasa 2 1. mangga 2. paglabas 3. sila 4. guro 5. langit	Malayang Pagtatasa 2 1. nagsimba 2. masyang 3. namayal 4. nagdulot ng baha 5. mabilis 4. tumakbo kumain ng sopas	Isagawa 1. Cassandra 2. siya 3. Cassandra 4. mga magulang 5. hilig ng kapatid Pang-uri (kahon) 1. mahilig kumanta 2. nagmana sa lola 3. sinasabayon ang labas sa telebisyon 4. tuwang tuwa 5. pagsayaw 1.	Tayahin 1. mga mata 2. mag-daral 3. aklat 4. pagbasa 5. Hulyo mga labo gumagaling at nagpapahalaga sa watawat puno ng karunungan dapat na makahilingan pambansang buwan sa pagbasa	Karagdagang Gawain 1. / X 2. X / 3. X / 4. / X 5. / X
						paligid	maganda													
(ang aking)tatay	bukid																			
(Ang mga) tao	hindi makalabas																			
(Ang) bukid	masarap																			
(Si) kapitán	nagbigay ng tulong																			
Malayang Pagtatasa 1 1. d 2. c 3. b 4. e 5. a	Malayang Pagtatasa 2 1. nagsimba 2. masyang 3. namayal 4. nagdulot ng baha 5. mabilis 4. tumakbo kumain ng sopas																			

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *